

Gabay sa Pagtatanim ng Mais

1. Pagpaplano at Pag-budget

PAGPAPLANO. Alamin ang mga kakailanganin sa pagtatanim. Mahalaga dito ang mga dokumento o papeles kung may balak kayong humiram ng kapital sa bangko.

PAGSUSURI NG LUPA. Ipasuri ang inyong lupa sa Bureau of Soils Regional Office upang malaman ang katabaan at kaasiman nito (*fertilization and acidity level*) at mabatid ang sapat na dami ng abonong gagamitin o kung sakaling mangangailangan pa ng apog.

2. Paghahanda ng Lupa

PAG-AARARO AT PAGSUSUYOD. Ihanda nang mabuti ang lupa upang maging maganda ang pagtubo at pag-ugat ng Pioneer na binhing itanim at maiwasan ang maagang paglago ng damo sa maisan.

Para sa mabuhangin o buhaghag na lupa (light soil),

1 pag-aararo at 1 pagsusuyod

Para sa malagkit na lupa (clay or heavy soil),

1 pag-aararo at 2 pagsusuyod

(7-10 araw ang pagitan ng pagsusuyod)

TUDLING. Gumawa ng tudling sa araw ng pagtatanim sa agwat na 70 sentimetro (cm.) at katamtamang lalim na 8 cm. kung tag-ulan at 10 cm. naman kung tag-araw

3. Pagtatanim

Para sa minimum tillage: Mag-spray ng 2-3 litro ng glyphosate herbicide 5-7 araw bago magtanim.

Siguruhin na tama ang pagkabasa ng lupa bago magtanim upang mataas ang porsyento at sabay-sabay ang pagsibol ng mga binhi.

Ang pagitan ng bawat buto ay naaayon sa hybrid na inyong itanim. Ito ay 20-25 cm. para sa hill spacing at 60-70 cm. para sa row spacing. Magtanim ng 1 buto bawat tundos o butas at takpan ito ng lupa na may kapal na 2-5cm.

4. Pag-aabono (Bago magtanim at pagkaraan ng 30 araw)

BASAL NA ABONO. Bago magtanim, maglagay ng pantay-pantay na dami ng abono sa bawat tudling at tabunan ng 2-3 cm. na lupa upang maiwasang madikit ito sa binhi sa oras ng pagtatanim. Ang dami ng abono ay sang-ayon sa resulta ng pagsusuri ng lupa o pagsunod ng rekomendadong Antas ng Pag-aabono.

ANTAS NG PAG-AABONO

Dami ng Abono na Dapat Ilagay (Bags/ha.)

BASAL (B) SIDEDRESS (S)	Low (70-35-70)	Medium (120-60-120)	High (150-75-150)
Alternative #1 B = 14-14-14 0-0-60 S = 46-0-0	5 bags 2 bags 2 bags	8 bags 2 bags 3 bags	11 bags 3 bags 3 bags
Alternative #2 B = 18-46-0 0-0-60 21-0-0 S = 46-0-0	2 bags 2 bags 1 bag 2 bags	3 bags 4 bags 3 bags 3 bags	4 bags 5 bags 3 bags 4 bags
Alternative #3 B = 16-20-0 0-0-60 S = 46-0-0	4 bags 2 bags 2 bags	6 bags 4 bags 3 bags	7 bags 5 bags 4 bags
Alternative #3 B = 10-10-20 S = 46-0-0	7 bags 2 bags	12 bags 3 bags	15 bags 4 bags
Yield Target	3-5 MT	5-7 MT	7-10 MT

SIDEDRESSING O PAGDAGDAG NG ABONO SA GILID NG TANIM. Magdagdag ng abonong nitrohen (Urea) sa gilid ng bawat tanim, pahabang ibudbod ito na may layong 4-6 cm. sa puno ng mais. Takpan ang abono sa pamamagitan ng pagbubungkal o hilling up sa lalim na 8-10 cm.

5. Pagpapatubig

Magpatubig sa mga nakatakhang araw kung kinakailangan, lalo na sa panahon ng tag-araw. Ang rekomendadong pagpapatubig ay: 0-3 araw, 13-15 araw, 45-55 araw, at 65-80 araw pagkatanim.

6. Pagsugpo ng Damo

Para sa Conventional na produkto na WALANG Roundup® Ready Corn 2 Trait:

Bungkalin nang mababaw ang lupa (shallow cultivation), magsungkal (off-barring), at magdamo (spot weeding) 12-20 araw pagkatanim. Maaaring magdamo muli sa 35 araw pagkatanim.

HERBICIDE (opsyonal). Gumamit ng pre-emergence herbicide tulad ng Pendimethaline o Atrazine 1-2 araw pagkatanim. Sundin ang tamang dami nito sa bawat 16-litro sprayer na nakasaad sa label.

Para sa mga produktong MAY Roundup® Ready Corn 2 Trait:

FIRST SPRAYING. Mag-spray ng rekomendadong glyphosate herbicide (aprubado ng Fertilizer & Pesticide Authority o FPA) mula 12-15 DAP o kung ang damo ay may 1-2 pulgada ang taas. Sundin ang tamang dami ng herbicide sa bawat 16-litro na sprayer na nakasaad sa label. Hindi na kailangan ng shallow cultivation at pagsungkal (off-baring) dito.

SECOND SPRAYING (OPSYONAL LAMANG). Mag-spray muli sa 35-40 DAP o kung ang damo ay may 1-2 pulgada ang taas.

7. Pagpuksa sa Peste

Mahalaga: Basahin ang mga nakasaad sa lalagyan ng produkto at siguruhing protektado ka sa inyong pananamit bago mag-spray.

Para sa Conventional na produkto na WALANG YieldGard® Corn Borer Protection Trait:

OPTION #1: Gumamit ng granular insecticide tulad ng Carbofuran o Fipronil sa basal na aplikasyon para sa mga peste tulad ng langgam, white grub, corn thrip, cutworm, at seedling maggot.

OPTION #2: Kapag napapansin ang tama ng cutworm, earworm, o brown planthopper/waya-way, maghalo ng 2-3 scoops Lannate™ 40SP sa 16-litro sprayer at ilagay mula 7-30 araw pagkatanim.

OPTION #3: Sa pagkontrol ng locusts at planthopper/waya-way, maglagay ng xylene-based insecticide na Cypermethrin mula 48-65 pagkatanim.

Kung may nabibiling *golden natural sprayable oil* (GNSO), maghalo ng 40 ml. nito sa bawat 16 litro ng tubig ng sprayable insecticide upang maging mas mabisa ang pagpuksa, lalo na sa brown planthopper/waya-way.

Para sa produkto na MAY YieldGard® Corn Borer Borer Protection Trait:

OPTION #1: Magtanim ng Pioneer® hybrid na may YIELDGARD® CORN BORER PROTECTION TRAIT para sa proteksyon laban sa corn borer, true armyworm, at pink stemborer (Sesamia).

OPTION #2: Gumamit ng granular insecticide tulad ng Carbofuran o Fipronil sa basal na aplikasyon para sa mga peste tulad ng langgam, white grub, corn thrip, cutworm, at seedling maggot.

OPTION #3: Kapag napapansin ang tama ng cutworm, earworm, o brown planthopper/waya-way, maghalo ng 2-3 scoops Lannate™ 40SP sa 16-litro sprayer at ilagay mula 7-30 araw pagkatanim.

OPTION #4: Sa pagkontrol ng locusts at planthopper/waya-way, maglagay ng xylene-based insecticide na Cypermethrin mula 48-65 pagkatanim.

Kung may nabibiling *golden natural sprayable oil* (GNSO), maghalo ng 40 ml. nito sa bawat 16 litro ng tubig ng sprayable insecticide upang maging mas mabisa ang pagpuksa, lalo na sa brown planthopper/waya-way.

8. Pagsugpo ng Sakit

Ugaliing bisitahin ang tanim na mais at kaagad tanggalin ang mga halaman na nagtataglay ng kakaibang istura o sintomas ng sakit tulad ng pagkakaroon ng mantas sa dahon at pagkabulok ng puno. Sunugin ang mga ito.

9. Pag-aani

Maaaring anihin ang mais kapag maitim na ang bahagi ng butil na nakakabit sa busal, makintab ang butil, at tuyo ang mga dahon at balat. Ahihin at balatan ang mais sa inyong taniman.

10. Pagpapatuyo, Paghihimay, at Pag-iimbak

PAGPAPATUYO. Patuyuin ang bunga hanggang 18-21% moisture content (MC) sa pamamagitan ng pagbilad ng 2-3 araw o mechanical drying ng 6-8 oras.

PAGHIHIMAY. Patuyuin muli ang nahimay na mais hanggang umabot sa 14% MC.

PAG-IIMBAK. Itabi ang inaning mais sa isang tuyong at malamig na lugar na ligtas sa mga insekto at daga.